# Leveled Reader

in Filipino

LEVEL 2

# Ang Layang-layang at ang Bubuyog



Isinulat at iginuhit ni CH. Molorgerel

Sinuri ni Neriza C. Pesigan



*Bzzz... bzzz...* Alam nating lahat ang bubuyog, 'di ba? Pero alam ba ninyo kung bakit "bzzz bzzz" lang ang tunog ng bubuyog? Noong unang panahon, may dila at nakapagsasalita raw ang mga bubuyog. Maaari rin nilang tikman hindi lang ang mga bulaklak kundi ang lahat ng bagay. Basahin natin ang kuwento ng bansang Mongolia tungkol sa bubuyog.



Noong unang panahon, sa
kaharian ng langit, may
isang hari na nagngangalang
Hanggarid na namumuno sa
lahat ng mga lumilipad na hayop.
Isang araw, tinawag ng hari
ang lahat ng mga lumilipad na
hayop. “Nais kong kainin ang
pinakamasarap na hayop sa
mundo. Hanapin ninyo ito!”



Mabilis na nagtungo sa kalupaan ang mga ibon, paruparo, bubuyog, at iba pang lumilipad na hayop upang hanapin ang pinakamasarap na hayop na maaaring kainin ng hari.



Maganda at maaliwalas ang araw. Palibot-libot na lumilipad ang masayahin at mahilig maglaro na layang-layang, tila nakalimutan na ang utos ng hari. Sa kabilang dako naman, patuloy sa paglipad ang bubuyog upang tikman ang iba't ibang uri ng hayop.



Kinahapunan, lumulubog na ang araw at oras na para bumalik sa hari. Nag-alala ang layang-layang na walang ginawa buong araw. Tinanong niya ang bubuyog nang makita niya ito. “Bubuyog, nahanap mo na ba ang sagot?”



“Oo!” ang nasasabik na tugon
ng Bubuyog.
“Talaga? Anong hayop ang
natuklasan mong pinakamasarap?”
“Sa lahat ng mga hayop, ang tao
ang pinakamasarap!”



Nagulat ang ibon sa sagot ng bubuyog. “Ano? Tao ang pinakamasarap?” Nag-alala nang labis ang ibon. “Hindi puwedeng malaman ng hari na ang tao ang pinakamasarap! Gusto ako ng tao. Natutuwa sila sa akin. Pinapakain nila ako.  Paano ko sila maililigtas?”



“Bubuyog, paano mo nalamang ang tao ang pinakamasarap?”
“Tinikman ko sila ng dila ko.”
“Ang galing naman ng dila mo! Maaari bang makita ito?”
Inilabas ng bubuyog ang kaniyang dila nang biglang,
“Aray! Aaaah!”
Kinagat ng ibon ang dila ng bubuyog sa isang iglap.



Naputol man ang dila ng bubuyog ay mabilis pa rin siyang nakarating sa hari. Sinundan naman siya ng layang-layang. “Natuklasan mo na ba ang pinakamasarap na hayop?” tanong ni Haring Hanggarid sa bubuyog.



Subalit dahil sa putol ang kaniyang dila, tanging ingay na bzzz lamang ang kaniyang nagagawa, at hindi niya na masabi sa hari ang nais niyang sabihin.

“Ano ka ba! Hindi kita maintindihan!”



Lumapit ang layang-layang sa hari.

"Mahal na hari, ang ahas ang pinakamasarap na hayop sa buong mundo!" Nagsinungaling ang layang-layang upang huwag kainin ng hari ang mga tao. Ang ahas na kumakain ng itlog ng mga ibon ang kaniyang sinabi.

"Totoo ba iyan? Gusto ko nang kainin ang masarap na ahas."



Simula noon, ang mga ahas na ang naging pagkain ni Haring Hanggarid, pati na ng kaniyang mga inapong lawin habang lalo namang minahal ng mga tao ang layang-layang. Magpahanggang ngayon, natutuwa ang mga Monggol kapag may layang-layang na lumalapit sa kanilang tahanan.



Ano sa tingin ninyo ang nangyari sa bubuyog? Nakagagawa na lamang ng tunog na “bzzz bzzz” ang mga bubuyog at itinataboy ng mga tao.

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI INTERNATIONAL

The Asia Foundation

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI INTERNATIONAL

The Asia Foundation

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI
INTERNATIONAL

The Asia Foundation